# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 33

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Ating ipagpatuloy upang magaral ng Banal na Kasulatan upang matuklasan ng mas malinaw ang ibig sabihin ni Jesus sa mga mapagpayapa at kung paano nais Niya tayo'y mamuhay ng ating buhay para sa Kanya.

"19 Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa." (Roma 14:19) Ating basahin ang buong kabanata na sa talatang ito ay inilgay upang ating maunawaan ang kalagayan kung paano sundin ang mga bagay na hahantong at makagawa ng kapayapaan. "1 Datapuwa't ang mahina sa pananampalataya ay tanggapin ninyo, hindi upang pagtalunan ang kaniyang pagaalinlangan. 2 May tao na may pananampalataya na makakain ang lahat ng mga bagay: nguni't ang mahina'y kumakain ng mga gulay. 3 Ang kumakain ay huwag magwalang halaga sa hindi kumakain; at ang hindi kumakain ay huwag humatol sa kumakain: sapagka't siya'y tinanggap ng Dios. 4 Sino kang humahatol sa alila ng iba? Sa kaniyang sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal. Oo, patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo. 5 May nagmamahal sa isang araw ng higit kay sa iba: may ibang nagmamahal sa bawa't araw. Bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pagiisip. 6 Ang nagmamahal sa araw, ay minamahal ito sa Panginoon; at ang kumakain, ay kumakain sa Panginoon, sapagka't siya'y nagpapasalamat sa Dios; at ang hindi kumakain, ay hindi kumakain sa Panginoon, at nagpapasalamat sa Dios. 7 Sapagka't ang sinoman sa atin ay hindi nabubuhay sa kaniyang sarili, at sinoman ay hindi namamatay sa kaniyang sarili. 8 Sapagka't kung nangabubuhay tayo, sa Panginoon tayo'y nangabubuhay; o kung nangamamatay tayo, sa Panginoon tayo'y nangamamatay: kaya't sa mabuhay tayo, o sa mamatay man, tayo'y sa Panginoon. 9 Sapagka't dahil dito ay namatay si Cristo at nabuhay na maguli, upang siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay. 10 Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong kapatid? at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang iyong kapatid? sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios. 11 Sapagka't nasusulat, Buhay ako, sabi ng Panginoon, sa akin ang bawa't tuhod ay luluhod, At ang bawa't dila ay magpapahayag sa Dios. 12 Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Dios ng kaniyang sarili. 13 Huwag na nga tayong mangaghatulan pa sa isa't isa: kundi bagkus ihatol ninyo ito, na ang sinoman ay huwag maglagay ng katitisuran sa daan ng kaniyang kapatid o kadahilanan ng ikararapa. 14 Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Jesus na Panginoon, na walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili: maliban na doon sa nagaakala na ang anomang bagay ay marumi, sa kaniya'y marumi ito. 15 Sapagka't kung dahil sa pagkain ang iyong kapatid ay naghinanakit ay hindi ka na lumalakad sa pagibig. Huwag mong ipamahamak sa iyong pagkain yaong pinagkamatayan ni Cristo. 16 Huwag nga ninyong pabayaan na pagsalitaan ng masama ang inyong kabutihan: 17 Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi ang pagkain at paginom, kundi ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Espiritu Santo. 18 Sapagka't ang sa ganito ay naglilingkod kay Cristo ay kalugodlugod sa Dios, at pinatutunayan ng mga tao. 19 Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa. 20 Huwag mong sirain ang gawa ng Dios dahil sa pagkain. Tunay na ang lahat ng mga bagay ay malilinis; gayon man ay masama sa tao ang kumakain ng laban sa kaniyang budhi. 21 Mabuti ang huwag kumain ng lamangkati, ni uminom ng alak, ni gumawa ng anoman na katitisuran ng iyong kapatid. 22 Ang pananampalataya mo na nasa iyo ay ingatan mo sa iyong sarili sa harap ng Dios. Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili sa bagay na kaniyang sinasangayunan.23 Nguni't ang nagaalinlangan ay hinahatulan kung kumakain, sapagka't hindi siya kumakain sa pananampalataya; at ang anomang hindi sa pananampalataya ay kasalanan." (Taga Roma 14:1-23)

Ito ay mabuting daanan sa Roma 14 at ipaliwanag ito upang ikaw ay may kamalayan para kung sa ano ito ay isinulat, upang ito'y hindi magbigyan ng maling kahulugang at gamitin sa maling paggamit:

"1 Datapuwa't ang mahina sa pananampalataya ay tanggapin ninyo, hindi upang pagtalunan ang kaniyang pagaalinlangan." (Roma 14:1) Si Apostol Pablo ay isinulat dito sa simbahan ng mga Taga Roma na binubuo ng mga Judio at mga Hentil; ang mga Judio na tumanggap kay Cristo, ang kanilang buhay at kasanayan pa din ay isinasabuhay ang seremonya ng batas ni Moses tungkol sa mga araw at pagkain. Ilan sa mga nakakilalang Judio ay ganon pa din ang pagsunod sa ilang uri ng pagkain at sinusunod ang ilang mga araw na nakasulat sa Lumang Testamento, ngunit ang ibang mga Judio na nakakilala ay sinimulang isantabi ang ganitong mga bagay. Habang ang mga kasapi ng Hentil ng simbahan ay hindi ginagawang sundin ang ganoon, at ginagamit nila ang kalayaan ng Kristiyano upang isaalang alang ang lahat ng araw na magkapareho at hindi sinusunod ang ilang pagkain. Ang kalagayang ito ay nagdulot ng ilang kaguluhan at pagtatalo sa loob ng simbahan dahil sa pagkakaiba ng paniniwalang ito. Yaong mga sumusunod pa rin sa Lumang Testamento ay minaliit ang mga nagsasanay ng kanilang kalayaan kay Cristo at sa kanilang kalayaan sa pagkain, ganon din ang ilan sa mga sinusunod pa rin ang ritual ng Lumang Testamento na nagtuturo tungkol sa pagkain at ilang mga araw ay hinuhugasan ang mga hindi sumusunod. Sa naganap na ito ay malaking pagkapoot at pagtatalo sa kanila: at ilan sa mananagot sa bagay na ito na tinawag na malakas, at ang iba ay mahina, ang punong pagtingin sa apostol sa kabanatang ito, ay upang bigyan ng payo sa bawat partido kung paano kumilos sa isa't isa; kung paanong ang malakas ay dapat kumilos sa mahina, at ang mahina patungo sa malakas: at sinimulan niya sa malakas, at sa pagkalahatan inihayag niya sa kanila na maging mabuti, mahabagin, at mapagmahal tungkol sa kanilang mahihinang kapatid, at huwag lituhin ang kanilang mga isip sa mga pagaalinlangan at pagtatalo tungkol sa mga bagay na maliit ang pakinabang. Sinabi niya din sa kanila ang gayong mga reaksyon sa ganoong pagkakaiba-iba ay makagambala sa kapayapaan sa kanila at maglilikha ng mga kaguluhan. Sa pagiging mapagpayapa dapat mong iwasan ang gayong mga pagaalinlangan at pagtatalo sapagkat ang mga iyon ay hindi hahantong sa anumang bagay na mabuti.

Ang pagkakaiba sa loob ng hangganan ng Banal na Kasulatan at dapat huwag humantong tayo sa mga pagtatalo at argumento na makakagawa sa atin kalimutan ang pinaka mahalagang mga bagay at nakakaligtaan ang seryosong mga kasalanan ng immoralidad, at iba't ibang uri ng pagsamba sa dios diosan at labag sa batas na pagaasawa at ng homosexualidad at ang transgender na ang mga simabahan ngayon ay sinisimulang kupkupin sila.

Sa aklat ng Leviticos 11 ang buong kabanata ay tumutukoy tungkol sa kung ano ang malinis na hayop na maaring nilang kainin. Kaya't ang mga Kapatiran ng mga nagsampalatayang Judio ay sinusunod ang Salita ng Diyos sa Lumang Testamento at sila'y hindi ganap na nabago at nalinang o naniwala sa katuruan ni Jesus tungkol sa pagkain sa Bagong Testamento. Si Pablo ay sinuportahan sila , na ang kanilang pananampalataya sa ganoong bagay ay katanggap tanggap pa rin sa Diyos at pagpapahinuhod ay kinakailangang upang masanay patungo sa kanila mula sa kasapi ng mga Hentil at ng simbahan.

Sa aklat ng Leviticos 23 at Deutronomio 16 ang parehong kabanata ay sinabi ang tungkol sa mga araw at ang mga kapistahan na ang mga Israelita ay kailangang sundin. Ito ang mga kapistahan ng:

1. Ang Araw ng Sabbath (Sabado ngayon) , na kailangan gumawa at tapusin ang iyong trabaho sa anim ng mga araw at magpahinga sa ikapitong araw, ang Sabbath. Ito ang utos ng Diyos na kailangan mong sundin
2. Ang Kapistahan ng Paskwa (sinusunod nila ito sa buwan ng Octobre)
3. Ang Kapistahan ng mga Linggo (sinusunod nila sa buwan ng Marso o Abril)
4. Ang Kapistahan ng Tabernakulo (sinusunod nila ito sa buwan ng Octobre)

Kaya't ang Kapatiran ng mga Judio na nagsampalataya ay sumusunod sa Salita ng Diyos sa Lumang Testamento at may ilan sa kanila pa rin ay nagdiriwang ng mga kapistahang ito at sinusunod ang mga araw na ito. Kahit si Apostol Pablo bilang isang Judio ay sinusunod pa rin ang Kapistahan ng Pentecostes, tulad ng ating mababasa dito: "8 Datapuwa't ako'y titigil sa Efeso hanggang sa Pentecostes; 9 Sapagka't sa akin ay nabuksan ang isang pintuang malaki at mapapakinabangan, at marami ang mga kaaway." (1 Corinto 16:8-9)

Datapuwa't ang mahina sa pananampalataya ay tanggapin ninyo, hindi upang pagtalunan ang kaniyang pagaalinlangan: Si Pablo dito ay nagsalita sa mga malalakas sa pananampalataya na kumakain ng lahat at hindi sumusunod sa ilang mga araw bagkus isinasaalang alang nila ang mga ito ng pareho. Sinasabi niya sa kanila na tanggapin ang gumagawa pa rin niyaon bilang mga kapatid, at huwag mapunta sa pagtatalo sa kanila sapagkat ang magiging kahihinatnan nito ay pagaalinlangan. Na magiging pagsasayang ng oras at mga kaugnayan at magdudulot sa kanila upang mapasailalim ng tension at sakit at walang pagunlad at hahantong sa mga kaguluhan at wala kapayapaan sa loob ng simbahan ng mga kasapi. Sa makakatuwid bilang mga mapagpayapa kailangan nating iwasan ang mapasama at mabitag sa ganitong mga pagtatalo.

Si Apostol Pedro para sa isang mahabang panahon kahit na sa aklat ng Mga Gawa 10 ay sumusunod pa rin sa batas na seremonya tungkol sa pagkain, sapagka't siya ay tumangging kumain ng ilang pagkain gaya ng ating mababasa dito: "10 At siya'y nagutom at nagnais kumain: datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan siya ng diwa; 11At nakita niyang bukas ang langit, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12 Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit. 13 At dumating sa kaniya ang isang tinig, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. 15 At muling dumating sa kaniya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na marumi." (Mga Gawa 10:10-15) Dito nagsalita ang Diyos kay Pedro na maari niyang kainin ang ibang mga uri ng pagkain sapagka't sila ay malinis.

Ngayon, ang Judio nagsampalataya sa Roma kung saan sa parehong estado ni Pedro at sinusunod ang katulad sa pagiwas ng laman ng ilang mga hayop. Kaya't si Pedro ay sinasabi sa mga malakas na ang mahihina sa pananampalataya ay sinusunod pa rin ang ilang mga araw. Maaring kailangan nila ng ilang panahon upang lampasan iyon sa kanila hanggang kanilang matanggap na walang pinagkaiba, o ang Panginoon ay maaring magsalita sa kanila upang sila'y maging kapareho mo, ngunit kahit na ang Diyos ay hindi magsalita sa kanila sa gayon kailangan mo ring tanggapin sila at kung anong kanilang paniniwala at katanggap tanggap sa Diyos na tumawag sa kanila gaya ng Siya ay tumawag sayo.

Si Pablo ay may sinusunod pa ring ilang mga batas ng paglilinis sa seremonya gaya ng ating mababasa dito: "18 At si Pablo, pagkatapos na makatira na roong maraming araw, ay nagpaalam sa mga kapatid, at buhat doo'y lumayag na patungo sa Siria, at kasama niya si Priscila at si Aquila: na inahit niya ang kaniyang buhok sa Cencrea; sapagka't siya'y may panata." (Mga Gawa 18:18) Si Pablo ay mayroong isang panata ng isang Nazarino, upang ihiwalay ang kanyang sarili sa Panginoon: upang panatilihin ang kanyang buhok na mahaba at upang umiwas mula sa pagkain ng bunga ng ubas tulad ng ating mababasa sa Bilang 6. Sinusunod niya ito ayon sa utos ng Diyos sa Lumang Testamento. Sa ganoong kasanayang gaya ng alam natin ay hindi kinakailangan ngayon. Talagang kailangan nating ipangako ang ating sarili at mangako sa Diyos upang sumunod sa Kanyang kalooban, at sumunod sa Kanya at ihiwalay ang ating sarili mula sa mundo at makasalanang hilig nito, ngunit hindi natin kailangan upang panatilihin ang ating buhok ay mahaba.

Ngayon ang ilang mananampalataya sinusunod nila ang Sabbath, ito ay tama. Ngunit ilan sa iba sinusunod nila ang isang araw maliban sa araw ng Sabbath para sa pahinga, at ito din ay tama. Ang iba ay sinusunod ang Linggo ang Araw ng pagkabuhay ng Panginoon at ito din ay tama. Hindi natin maaring hatulan ang mga sumusunod ng Sabbath, sapagka't ito ay tama. Ganon din ang mga sumusunod ng Sabbath ay hindi natin maaring parusahan ang mga sumusunod ng ibang mga araw sa linggo, hanggat sinusunod nila iyon para sa Panginoon nagtatrabaho sa anim na mga araw at nagpapahinga sa pitong araw. Bakit hindi natin mapanatili ang Sabbath o sa alinmang mga araw sa partikular? Ngayon dahil ang lahat ng mananampalataya kay Cristo ay nabubuhay sa ilalim ng mga pamamahalaan na hindi mananampalataya at maaring hindi nila sinusunod ang Sabbath bilang kanilang bakasyon, kaya tayong lahat, ay hindi makaya upang magkaroon ng isang Sabbath bilang ating Banal na Araw ng Sabbath. Ang Panginoon ay nagbigay din ng utos upang panatilihin ang Sabbath kay Moses upang masunod pagkatapos ng mga Israelita'y lumaya mula sa pagkaalipin ng pagkaalipin ng mga Ehipto at sila ay malaya upang pamahalaan ang kanilang sarili sa ilalim ng Diyos. Samakatuwid, sa parehong paraan sa panahong ito hindi natin

makakaya ang lahat sa atin upang magkaroon ng parehong araw sa isang linggo upang ipagdiwang ang ating Araw ng Sabbath. Nguni't, ang pinaka mahalaga ay upang panatilihin ang isang araw sa isang linggo na ihiwalay para sa Panginoon.

Ang ilang mga simbahan ay sinusunod ang pagdiriwang ng Pentecostes, ang araw na ang Banal na Espiritu ay dumating sa simbahan, gaya sa Aklat ng Mga Gawa, "1 At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. 2 At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. 3 At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. 4 At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." (Mga Gawa 2:1-4) Karaniwang nagaganap ito sa buwan ng Mayo. Ang Simbahan ng Diyos ay ginugunita ang araw na ito at ipinagdiriwang ang araw na ito sa isang payak na paraan kaysa nakasulat, at ginagamit ito bilang araw ng Pageebanghelyo. Ito ay tama sapagkat ito ay nakasulat sa Bibliya. Ngunit kung hindi natin susundin ito ay tama rin, sapagkat tayo ay tinawag upang mapunan at muling mapunan ng Banal na Espiritu at upang salitain ang Salita ng Diyos at ipangaral sa bawat araw ng ating buhay sa lupa habang tayo ay naghihintay sa pagdating ng ating Panginoon.

Ang ilang mga simbahan sinusunod nila ang kapistahan ng Tabernakulo at ipinagdiriwang ang kapistahang ito sa payak na paraan kaysa sa nakasulat, ito ay tama sapagkat ito ay nakasulat sa Bibliya at ipinagdiwang ito ni Jesus, ngunit hindi natin ipinagdiriwang ito sapagka't hindi natin maari sundin ano ang nakasulat na kailangan nating panatilihin ang isang buong linggo, at marami sa atin ay nagtatrabaho at tayo ay nasa ilalim ng isang pamahalaan na ang kanilang mga alintuntunin ay iba kaysa ating mga alintuntunin at hindi kaya ang isang linggo at upang pumunta na magtipon sa isang lugar, sa Jerusalem, gaya ng isang kapistahan ng Lumang Testamento. Kaya't kung ating ipagdiriwang ito o hindi, kapwa pagpipilian ay tama. Tama upang ipagdiwang ito sapagka't ito ay nakasulat sa Bibliya, tama din na hindi ipagdiwang ito sapagkat ito ay hindi magagawa sa panahong ito. Ganon din bilang ang mga simbahan ng Hentil ay hindi itinatagubilin ng mga apostoles upang sundin ang kapistahan ito.

Ang ibang mga bagay tungkol sa kapistahang ito at mga araw, ang Panginoon ay ipinahintulot ang Templo sa Jerusalem upang masira at hindi maitayo, kung saan ang lahat ng kapistahan ay inilagay at upang ihiwalay ang katawan ng Leviticong mga pari upang alisin ang seremonya ng batas mula sa epekto at kasanayan kung saan ang handog na sinusunog at iba pang handog at kapistahang ito ay nakasanayan.

Datapuwa't kapag ang Panginoon ay bumalik sa Kanyang sanglibutang paghahari at tayo ay mamahala kasama Niya sa lahat ng lupa para sa1000 na taon, sa isang lugar sa Jerusalem, ating ipagdiriwang ang kapistahan ng Tabernakulo sapagka't ito ay posible, ganon din ang Panginoon ay parurusahan ang mga ayaw sumama at dumalo sa kapistahang ito. "16 At mangyayari, na bawa't maiwan, sa lahat na bansa na naparoon laban sa Jerusalem ay aahon taon-taon upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, at upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga balag. 17 At mangyayari, na ang sinoman sa mga angkan sa lupa na hindi umahon sa Jerusalem upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, sila'y mawawalan ng ulan. 18 At kung ang angkan ng Egipto ay hindi umahon at hindi pumaroon, mawawalan din ng ulan sila, magkakaroon ng salot, na ipinanalot ng Panginoon sa mga bansa na hindi magsisiahon upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag. 19 Ito ang magiging kaparusahan sa Egipto, at kaparusahan sa lahat na bansa na hindi magsisiahon upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag." (Zacharias 14:16-19)

Tungkol sa Paskwa, si Jesus ang ating Paskwa na Tupa, "7 Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang lebadura. Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Cristo: " (1 Corinto 5:7) at sa halip ng pista ng Paskwa, itinatag ni Jesus ang Hapunan ng Panginoon, "19 At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 20 Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo." (Lucas 22:19-20) Kaya't kung bakit inihahanda natin ang ating sarili at ipinagdiriwang ang Hapunan ng Panginoon, kasama ng bawat isa na ipinangako ang kaniya/kaniyang sarili upang sumunod kay Cristo at sa Kanyang Salita. Sinusunod natin ang Hapunan ng Panginoon sa paghuhugas ng paa sa mga nangako upang sumunod kay Cristo ayon sa Pamantayan ng naaprubahang manggagawa:

Ngayon ilan sa mga tao ay ginamit ang Roma 14 upang ikatwiran ang pagtanggap ng makamundong pagdiriwang tulad ng Pasko, Bagong Taon, Bagong Taon ng Tsino, Araw ng Ina, Araw ng Ama, Araw ng Kababaihan, Araw ng Kapanganakan, Araw ng mga Puso, o ibang mg araw at na isama sa pagsamba sa simbahan at pagdiriwang, at dinadala nila ang Banal na Kasulatan ng Roma 14:

"2 May tao na may pananampalataya na makakain ang lahat ng mga bagay: nguni't ang mahina'y kumakain ng mga gulay." (Roma 14:2) Maari nating kainain ang lahat ng bagay ayon sa Salita ni Jesus na ang lahat ng pagkain ay malinis, "15 Walang anomang nasa labas ng katawan ng tao, na pagpasok sa kaniya ay makakahawa sa kaniya; datapuwa't ang mga bagay na nagsisilabas sa tao yaon ang nangakakahawa sa tao." (Marcus 7:15) ngunit hindi kasama ang dugo, sapagka't hindi natin maaring kunin ang dugo dahil ito ay ipinagbabawal sa Bibliya, sa Lumang Testamento, "Sapagka't tungkol sa buhay ng lahat ng laman, ang dugo nga niyan ay gaya rin ng buhay niyan. Kaya't sinabi ko sa mga anak ni Israel, Huwag kayong kakain ng dugo ng anomang laman: sapagka't ang buhay ng buong laman ay ang kaniyang dugo: sinomang kumain niyan ay ihihiwalay. "(Levitico 17:14) Ganon din sa Bagong Testamento, "29 Na kayo'y magsiilag sa mga bagay na inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa mga binigti, at sa pakikiapid; kung kayo'y mangilag sa mga bagay na ito, ay ikabubuti ninyo. Paalam na sa inyo." (Mga Gawa 15:29)

Ilan sa mga tao kinakain nila ang lahat at lahat ng laman, ang ibang tao sila'y kumakain ng gulay (halamang gamot) sapagka't ayon sa Batas ni Moses walang ipinagbabawal tungkol sa mga gulay, kaya malaya nilang makakain ang mga ito nang hindi gumagawa ng

anumang uri ng pananakit ng loob sa Diyos. Ang gulay (halamang gamot) ay makakain rin upang sundin ang ilang uri ng pagaayuno katulad ng pagayuno ni Daniel, "1 Nang ikatlong taon ni Ciro na hari sa Persia ay nahayag ang isang bagay kay Daniel, na ang pangala'y Beltsasar; at ang bagay ay tunay, sa makatuwid baga'y isang malaking pakikipagbaka; at kaniyang naunawa ang bagay at nagkaroon ng unawa tungkol sa pangitain. 2 Nang mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis na tatlong buong sanglinggo. 3 Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong sanglinggo." (Daniel 10:1-3) Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay nagdesisyong kumain ng gulay (halamang gamot) at mga butong gulay at upang iwasan ng lahat ng uri ng karne upang masiguradong isandaang porsyento na sila'y hindi makakain ng marumi na laman. Ang mga Katoliko sa kanilang pagaayuno silay kumakain ng mga gulay (halamang gamot) at lumayo mula sa karne, sila ay sumunod katulad ng kay Danie, upang umiwas mula sa masasarap na pagkain. Ito ay katanggap tanggap kung sila ay nalinis mula sa pagsamba ng diosdiosan, mga pagsamba sa santo, at babaguhin nila ang kanilang katayuan na sila'y naligtas sa biyaya lamang at hindi sa mabubuting kawanggawa na kanilang ginagawa. Ang pangunahing kaibahan sa pananampalataya sa pagitan ng Katoliko at Protestante ay hindi sa pagsamba sa dios diosan at pagsamba sa mga Santo o pagsamba kay Maria kundi sila'y naniniwala na ang kanilang kaligtasan ay ayon sa biyaya at mabuting gawa, habang ang Bibliya ay nagsasabi na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa pamamagitan ng gawa upang wala ni isang magmalaki, "8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. " (Epeso 2:8-9) Pagkatapos na tayo ay maligtas, tayo ay tinawag upang gawin ang mabuting gawa na itinalaga ng Diyos sa atin upang gawin, "10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10) Ngunit hindi tayo naligtas sa ganoon kundi sa biyaya ng Diyos lamang.

"3 Ang kumakain ay huwag magwalang halaga sa hindi kumakain; at ang hindi kumakain ay huwag humatol sa kumakain: sapagka't siya'y tinanggap ng Dios." (Roma 14:3) Sinabi ni Apostol Pablo na sa mga may pananampalataya at kinakain ang lahat ng uri ng pagkain, hindi dapat nilang hamakin at tuyain ang mga hindi kumakain. Sa parehong paraan sa mga mahihina ang pananampalataya dapat ay huwag hatulan sa mga malalakas ang pananampalataya at kumakain ng lahat. Bakit? "Sapagka't ang Diyos ay tinanggap siya".(Roma 14:3) Ang Diyos ay tinanggap ang taong iyon, kahit mahina o malakas, sa gayon dapat mo din tanggapin ang taong iyon. Samakatuwid, ang malakas ay hindi dapat hamakin ang mahina, ni ang mahina ay dapat huwag hatulan ang malakas.

"4 Sino kang humahatol sa alila ng iba? Sa kaniyang sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal. Oo, patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo." (Roma 14:4) Ngayon yaong sa mahina sa pananampalataya sa simbahan ng mga Romano na kumakain ng gulay (halamang gamot) upang iwasan ang pagkain ng hindi malinis na pagkain at hindi malinis na laman sa partikular, sapagka't ang laman ay maaring hindi maging malinis na hayop, at ito ay hindi katanggap tanggap sa Diyos, sa mga kapatiran, huwag dapat humatol sa iba na kumakain ng lahat sapagka't ang mga taong yaon ay masunurin sa Diyos at sa Kanyang Salita, sila'y lingkod ng Diyos, at ang iba ay walang karapatan upang husgahan sila dahil ginagawa nila ang tamang bagay. Ngayon ang naiwan sa kanila ay mahatulan sa kanilang motibo sa likod ng pagkain ng gulay, at iyon ay hindi maari nating hatulan, sapagkat hindi natin alam kung ano ang nasa loob ng kanilang puso, tulad ng sinabi ni Pablo dito sa kanila sino ang malakas: Sino kang humahatol sa alila ng iba? Sa kaniyang sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal. Kung ipagpalagay ang kanilang motibo ay mali, sa gayon hindi mo maaring hatulan iyon, ngunit kailangang ipaubaya ito sa Diyos, na kayang magtama sa kanila at gawin sa kanilang tumayo: "Oo, patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo." Bakit sinabi ni Pablo, "Oo, patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo." Sapagka't si Pablo ay walang nakita na sila'y gumagawa ng alinmang masama patungkol sa pagkain na kanilang kinakain.

Ngunit hindi kasama rito ang pagtanggap ng pagkain at kumakain ng pagkain na inihandog sa mga diosdiosan. Halimbawa ngayon dito sa Bagong Testamento pagtanggap ng pagkain na inihandog sa diosdiosan at pagkain na inihandog mula sa kapistahan ng mga relihiyon ng anumang relihiyon, pagkaing inialay sa kasiyahan para sa kaarawan, at pagkain iniaalay sa mga babae upang maakit sila, hindi dapat nating tanggapin ang ganoon bilang pagkain na hindi ipinasya mula sa Diyos sa atin upang kainin.

"5 May nagmamahal sa isang araw ng higit kay sa iba: may ibang nagmamahal sa bawa't araw. Bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pagiisip." (Roma 14:5) ito ay inilapat sa ating ipinaliwanag kanina. Ngayon ilan sa mga tao ay ginamit ang kabanatang ito ng Roma 14 upang ikatwiran at upang tanggapin ang makamundong pagdiriwang tulad ng Mga kaarawan, Araw ng mga Ina, Araw ng Ama, Araw ng Kababaihan, Araw ng mga Puso, o ibang nga araw maisama sa pagsamba ng simbahan at pagdiriwang gaya ng Pasko, pagdiriwang ng Bagong Taon, Halloween atibp..., at dinala nila ang talatang ito, na ang isang tao ay pinahahalagahan ang isa sa itaas. Iyon ay hindi tungkol sa pagpaparangal ng mga araw sa sanglibutan. Ang Banal na Kasulatang ito sinulat upang suportahan ang bagong nagsampalatayang mga Judio na sumusunod ng Banal na Kasulatan sa Lumang Testamento at hindi sa ibang paggamit.

Ang paggamit ng Roma 14 ay upang bigyang katwiran ang kasamaan ng makamundong pagdiriwang sa buhay ng simbahan ay hindi katanggap tanggap. Ito ay isang pinaka mahalagang tala dito, upang parusahan ang lahat ng makamundong kasanayang ito at pagdiriwang. Bakit kailangan nating idiin iyon? Ating ipaliwanag iyan patungkol sa pandemya ng COVID 19. Nang ang Pandemya ng COVID 19 ay dumating, ang Salita ng Diyos ay lumaganap pa, ang mga tao ay may maraming oras upang magbasa ng Bibliya, at ang lockdown na sumabay ay naging sanhi ng pagtigil ng mga makamundong pagdiriwang na ito mula sa buhay ng mga simabahan. Ngayon sa paliwanag na ito, sa gayon ang COVID 19 ay ipinahintulot ng Diyos na magdulot ng Kanyang Salita upang mas maipangaral na itigil ang aktibidad na ito at mga pagdiriwang ng makamundong pinanggalingan mula sa Kanyang mga simbahan. Ang mga pagdiriwang na ito ay nagdulot sa Diyos upang manibugho, ito'y pagsasayang ng oras, at mga pinagkukunan at dalhin ang mga tao sa pagsamba sa idolo at walang silbing kasanayan. Ngayon, habang ang COVID 19 ay lumalaganap ang mga pagdiriwang na ito ay lubos na tumigil. Ngayon sila'y lumalabas lamang sa lipunan ng media at sa puso ng mga tao. Ngayon kung nais talaga nating ibalik ng Diyos at ang ating mga simbahan sa kalayaan na mayroon tayo dati sa COVID 19, sa gayon ang mga tao ng Diyos ay kailangan alisin ang lahat ng mga idolong

ito mula sa kanilang mga puso at gumawa ng malinaw na pangako sa Diyos na hindi na muli ipagdiwang ang ganitong mga kaganapan muli.

"6 Ang nagmamahal sa araw, ay minamahal ito sa Panginoon; at ang kumakain, ay kumakain sa Panginoon, sapagka't siya'y nagpapasalamat sa Dios; at ang hindi kumakain, ay hindi kumakain sa Panginoon, at nagpapasalamat sa Dios." (Roma 14:6) Ang ipinapaliwanag ni Apostol Pablo dito ay sa mga sumusunod sa mga araw at ang uri ng pagkain ayon sa katuruan ng Lumang Testamento sinusunod nila ang mga ito para sa Panginoon na sinabi iyon sa Kanyang Salita. Ganon din sa mga hindi gumaganap ng mga araw na ito at ganoong uri ng pagkain sapagka't naunawaan at tinanggap ang kalayaan na ibinigay ni Cristo sa kanila, ginagawa din nila ito para sa Panginoon.

Ngayon dito ay hindi kasama sa mga sumusunod sa makamundong kasayahan at makamundong mga araw at mga kaarawan nang kanilang sinabing ginagawa namin ito para sa Panginoon; sapagkat walang kautusan sa Salita ng Diyos upang itaas ang pagpapahalaga sa makamundong mga bagay at huwag itakwil ang ating mga sarili. "15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. 17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man." (1 Juan 2:15-17) "24 Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin." (Mateo 16:24) Kung hindi nila kayang itanggi ang kanilang sariling pagdiriwang ng kaarawan Hindi ko alam kung paano nila kayang itanggi ang kanilang mga sarili para kay Cristo.

"7 Sapagka't ang sinoman sa atin ay hindi nabubuhay sa kaniyang sarili, at sinoman ay hindi namamatay sa kaniyang sarili. 8 Sapagka't kung nangabubuhay tayo, sa Panginoon tayo'y nangabubuhay; o kung nangamamatay tayo, sa Panginoon tayo'y nangamamatay: kaya't sa mabuhay tayo, o sa mamatay man, tayo'y sa Panginoon." (Roma 14:7-8) Hanggat tayo ay nabubuhay o mamatay para sa Panginoon at hindi para sa ating mga sarili, at hangga't tayo ay nabubuhay ayon sa anong ating nababasa sa Banal na Kasulatan at sumunod at ilapat sa gayon ating pinararangalan ang Panginoon at ginagawa sa kung anong mabuti sa Kanyang paningin at ginawa bilang mapagpaya sa loob ng katawan ni Cristo.

Ngunit sa kasalungat niyaon, kung tayo ay sumusunod o hindi sumusunod sa pagkain at mga araw para sa pansariling kapakanan sa gayon ginagawa natin ang ating pansarili at tayo ay tagapaggawa ng gulo.

"9 Sapagka't dahil dito ay namatay si Cristo at nabuhay na maguli, upang siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay." (Roma 14:9) Si Jesus sa Kanyang buhay at sa Kanyang pagkamatay sumunod at inilapat ang Banal na Kasulatan sa Kanyang buhay, sinunod at inilapat ang kalooban ng Diyos, sa gayo'y Siya'y naging kapitan ng ating kaligtasan, at ang Panginoon ay sa pareho ng mga patay at ng mga buhay.

"10 Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong kapatid? at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang iyong kapatid? sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios." (Roma 14: 10)

Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong kapatid? Ito ay nakadirekta sa mahihinang kapatid na pumili na huwag kumain ng ilang mga pagkain upang iwasan ang pagbagsak sa kasalanan. Ang mahihina ngayon ay hinahatulan ang malalakas na kapatid na nakumbinsi na kaya niyang kainin lahat.

at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang iyong kapatid? Ito ay nakadirekta patungo sa mga malalakas na kapatid na tinitingnang mababa ang mga mahihinang kapatid.

Sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios. Bawat isa sa atin ay tatayo sa harapan ng hukuman ni Cristo kapag Siya ay bumalik at kailangan nating bigyang pananagutan at tayo ay hahatulan nabubuhay man o mamatay para kay Cristo o para sa ating sarili.

"11 Sapagka't nasusulat, Buhay ako, sabi ng Panginoon, sa akin ang bawa't tuhod ay luluhod, At ang bawa't dila ay magpapahayag sa Dios." (Roma 14:11) Ito ay kinuha sa sipi ni Isaiah: "23 Ako'y sumumpa ng aking sarili, ang salita ay nakabitaw sa aking bibig sa katuwiran, at hindi babalik, na sa akin ay luluhod ang bawa't tuhod, bawa't dila ay susumpa." (Isaiah 45:23) Ibig sabihin, sa wakas ang Diyos ay dadalhin ang Kanyang mga lingkod sa ilalim ng pagpapasakop sa Kanya at sa Kanyang kalooban. Kahit ang paghuhukom ni Cristo ay batay at ayon sa anong sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita.

"12 Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Dios ng kaniyang sarili." (Roma 14:12) Ang Diyos ay sa wakas ay hahatulan kung ano ang ating ginagawa at pagsunod sa Banal na Kasulatan kung ginawa natin ito para sa Kanya o hindi. Ang Diyos din sa wakas ay hahatulan kung ano ang hindi natin sinunod kung sa Kanya o para sa ating sarili.

"13 Huwag na nga tayong mangaghatulan pa sa isa't isa: kundi bagkus ihatol ninyo ito, na ang sinoman ay huwag maglagay ng katitisuran sa daan ng kaniyang kapatid o kadahilanan ng ikararapa." (Roma 14:13) Samakatuwid bawat isa sa atin pagkatapos nating palawakin ng marami, ating hatulan ang isang bagay na kung saan, upang hatulan ano ang ating ginagawa kung ito ay magiging balakid sa iba. Halimbawa, kapag ikaw ang malakas, hinatulan ang ilan sa sumusunod ng kapistahan ng Tabernakulo sapagka't nais Niyang sumunod

kung anong nakasulat sa Batas ni Moses, maari kang magdulot sa kanya upang matisod. O ikaw, ang mahina, kapag hinatulan mo ang iba na ayaw sumunod sa ilang mga araw dahil sa kalayaan na natanggap niya kay Cristo, sa gayon ikaw ay hindi isang mapagpayapa sa kanya kundi isang balakid, na sa pamamagitan mo maari siyang magulo at mahulog.

"14 Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Jesus na Panginoon, na walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili: maliban na doon sa nagaakala na ang anomang bagay ay marumi, sa kaniya'y marumi ito." (Roma 14:14) Dito si Apostol Pablo ay nagpapahayag ng kanyang sarili bilang malakas na kapatid bilang nakumbinsi at nahikayat ng Panginoon Jesus Mismo, na walang pagkain na hindi malinis kabilang sa pagkain tulad ng ipinahayag ni Jesus sa Bagong Testamento. "11 Hindi ang pumapasok sa bibig ang siyang nakakahawa sa tao; kundi ang lumalabas sa bibig, ito ang nakakahawa sa tao. "16 At sinabi niya, Kayo baga nama'y wala pa ring pagiisip? 17 Hindi pa baga ninyo nalalaman, na ang anomang pumapasok sa bibig ay tumutuloy sa tiyan, at inilalabas sa daanan ng dumi? 18 Datapuwa't ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao." (Mateo 14:11,16-18) Kung sinoman ang nagsasaalang alang na ang alinmang pagkain ay hindi malinis( bukod ng mga pagkain inihandog sa diosdiosan at dugo) ang partikular na pagkain ay marumi para sa kanyang sarili at hindi marumi para sa Panginoon.

"15 Sapagka't kung dahil sa pagkain ang iyong kapatid ay naghinanakit ay hindi ka na lumalakad sa pagibig. Huwag mong ipamahamak sa iyong pagkain yaong pinagkamatayan ni Cristo." (Roma 4:15) Dito si Apostol Pablo ay nagsalita sa malalakas na kapatid, na kung ang iyong kalayaan na kumain ng alinmang pagkain ay magbigyang maling kahulugan ng mahihina kapatid na nakikita ka kumakain ng lahat ng uri ng pagkain, maari siyang matisod dahil sa kung anong iyong ginagawa, at ikaw ay nasa ganoong sitwasyon na isang balakid sa iyong kapatid na si Jesus ay namatay para sa kanya at sa gayon sinisira mo ang kanyang pananampalataya. Tayo ay tinawag upang lumakad sa pagibig at huwag hayaan ang ating kapatid na madapa dahil sa anong nakikita nila sa atin. Kung ang ilan ay sinusunod ang pagkain ng gulay ( halamang gamot) hindi natin kailangan upang masaktan siya at makapagpalungkot sa kanya kapag kumain tayo ng ating pagkain sa isang malayang paraan sa harapan niya.

"16 Huwag nga ninyong pabayaan na pagsalitaan ng masama ang inyong kabutihan:" (Roma 14:16) Dito si Pablo ay sinasabi ang malakas na ang paninisi ay ay maaring magdala sa kanila; kapag ang mahihina ay gumanti ng masama tungo sa kanila ng kalayaan ng malakas, sa ganitong paraan ang Mabuting Balita ay kanilang ipinahayag, at ang katotohanan ng kalayaan ng Kristiyano na kanilang ginamit ay masasabing masama, hindi pagkakasundo at isang paghati. Ito ay nakadirekta sa malakas na Kapatid, na ang iyong malakas na pananampalataya na maari mong kainin ang alinmang pagkain at hindi mo kailangan sundin ang anumang araw, kung saan ay tama, ngunit ito ay mabibigyan ng maling kahulugan, sa ganon ang iyong mabuting ginawa, ay masasabing masama. Samakatuwid kailangan nating ingatan kung paano natin kailangang kumilos ng maayos upang hawakan ang sitwasyon, at pansinin na ang ginawa nating mabuti ay masasabing masama.

"17 Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi ang pagkain at paginom, kundi ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Espiritu Santo." (Roma 14:17) Ang Kaharian ng Diyos ay hindi tungkol sa pagkain o ilang mga araw na ating susundin, ngunit ito'y tungkol sa katwiran, upang gawin kung ano ang tama at matuwid sa isa at bawat pangyayari habang tayo ay nabubuhay at nakikipagusap sa kapatiran kasama natin. Ang Kaharian ng Diyos ay tungkol sa paggawa ng kapayapaan, at kung tayo bilang tagapagpaya pinapanatili ang kapayapaan ng kapaligiran lalo na sa pangyayaring ito ng pagkakaiba ng Banal na Kasulatan sa gayon ang kagalakan at kapayapaan ay dadaloy, ganon din ang presensiya ng Diyos, ang Banal na Espiritu, ay sasa atin sa ating buhay.

"18 Sapagka't ang sa ganito ay naglilingkod kay Cristo ay kalugodlugod sa Dios, at pinatutunayan ng mga tao." (Roma 14:18) Kapag ang malakas ay nagpakumbaba at ginawa iyon, sa gayon anong kanilang ginagawa ay katanggap tanggap kay Cristo, at ang mahinang kapatid ay sasangayun sa kanila bilang isang bagay na natapos ng tama.

"Huwag mong sirain ang gawa ng Dios dahil sa pagkain. Ito ay nakadirekta sa malakas na kapatid na nakumbinsi na maari niyang kainin lahat ng mga bagay; na ang kanyang katatayuan ay hindi makikita sa isang paraan na nagdudulot sa iba upang bumagsak, at sirain ang gawa ng Diyos.

"Tunay na ang lahat ng mga bagay ay malilinis; Ito ay nakadirekta sa malakas na may dalisay na konsensiya, nawisikan ng dugo ni Cristo, upang kainin ang lahat; parang ito ay kinuha kay Titus, "15 Sa malinis ang lahat ng mga bagay ay malinis: datapuwa't sa nangahawa at di nagsisisampalataya ay walang anomang malinis; kundi pati ng kanilang pagiisip at kanilang budhi ay pawang nangahawa." (Tito 1:15) Sa mga may dalisay na isip hindi nila gagawin ang anuman ng sinadya upang makapinsala o makasakit sa iba.

"gayon man ay masama sa tao ang kumakain ng laban sa kaniyang budhi. Muli ito ay nakadirekta sa malakas na Kapatid na kung siya ay kakain at magdadala ng pinsala sa iba sa gayon ang kanyang ginagawa ay masama. "6 Datapuwa't sinomang magbigay ng ikatitisod sa isa sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin, ay may pakikinabangin pa siya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya'y ilubog sa kalaliman ng dagat" (Mateo 18:6) "31 Kaya kung kayo'y nagsisikain man, o nagsisiinom man o anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios. 32 Huwag kayong magbigay ng dahilang ikatitisod, sa mga Judio man, sa mga Griego man, o sa iglesia man ng Dios: 33 Na gaya ko din naman, na sa lahat ng mga bagay ay nagbibigay lugod ako sa lahat ng mga tao, na hindi ko hinahanap ang aking sariling kapakinabangan, kundi ang sa marami, upang sila'y mangaligtas." (1 Corinto 10:31--33)

"21 Mabuti ang huwag kumain ng lamangkati, ni uminom ng alak, ni gumawa ng anoman na katitisuran ng iyong kapatid." (Roma 14:21) Kaya kailangan nating maging maingat na huwag makasakit sa alinmang kapatid sa paligid natin lalo na ang mahina sa anumang kabutihan nating ginawa o naisabuhay natin kahit na ang mismong mga bagay ng Panginoon. Tayo ay manalangin: Panginoon bigyan mo

kami ng biyaya upang makilala at upang maging sensitibo sa mga kailangan ng iba at upang iwasang makasakit sa kanila, sa pangalan ni Jesus Amen.

Sa aking mahal at minamahal: Sa pangwakas ating paikliin ang ating natutunan upang maging tagapagpaya.

"22 Ang pananampalataya mo na nasa iyo ay ingatan mo sa iyong sarili sa harap ng Dios. Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili sa bagay na kaniyang sinasangayunan." (Roma 14:22) Kung ikaw ay may malakas na pananampalataya, kunin ito para sa iyong sarili, lalo na kung ang ibang nasa paligid mo ay hindi pa sang ayon sa Banal na Kasulatan nagbigay sa atin ng kalayaan. Kahit na ang iyong ginagawa ay tama, ngunit kapag nagdulot ng kasakitan sa mahinang kapatid, sa gayon hinahatulan mo ang iyong sarili na iyong sinangayunan patungkol sa mga paksa na na ating napagusapan sa pagtalakay sa kabanatang ito mula sa Bibliya at kailangan nating kumilos upang maging tagapagpaya at anak ng Diyos. Hindi tayo upang makipagpaligasahan at magmalaki sa pananampalataya na mayroon tayo, ngunit sa halip kung paano maari nating ipakumbaba ang ating sarili at maging tulong sa iba at tulungan silang lumago sa kanilang pananampalataya.

"23 Nguni't ang nagaalinlangan ay hinahatulan kung kumakain, sapagka't hindi siya kumakain sa pananampalataya; at ang anomang hindi sa pananampalataya ay kasalanan." (Roma 14: 23) Ito ay nakadirekta sa mahina, kung sila'y pinilit upang kumain ng hindi kumbinsado at walang pananampalataya sa anumang kanilang ginagawa sa gayon hinahatulan nila ang kanilang mga sarili. Samakatuwid kailangan nilang iwasang gawin iyon upang paluguran ang iba upang itigil ang kanilang pamumuna. Sa halip kailangan nilang maglaan ng oras at upang magpatuloy na gawin kung ano ang nakakumbinse sa kanila upang gawin mula sa Banal na Kasulatan.

Aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na aking maunawaan ang iyong kalooban at mga paraan para sa akin upang maging tagapagpaya at ang paraan na nais mo sa akin upang isabuhay ang aking buhay para sayo at ang paraan upang maglingkod sayo upang magdala ng kapayapaan mo sa buhay ng iyong simbahan, at sa buhay ng iyong mga tao.

Ating ipagtapat sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan
Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamalaki, pagmamataas, pagkamakasarili, kawalang ingat, at pagiging walang pakiramdam sa kailangan ng ibang tao.

Atin kunin ngayon ang ilang sandali upang patawarin ang mga maaring nakasakit sa atin sa kanilang walang pakiramdam na paguugali, at ating kalimutan ang lahat ng hinaing at pamumuna na nagmula sa kanila upang tayo ay maaring maging tagapagpaya para sa Diyos.

Panginoon ipinakakatiwala ko ang aking sarili upang sumunod sa mensaheng ito upang maging isang tagapagpaya. Panginoon bigyan ako ng pagkakilala at pagiingat na may kapakumbabaan upang ilapat ang aming napagaralan ngayon sa iyong Salita upang isaalang alang ang mahihinang kapatid at huwag masaktan sila. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang tulungan at suportahan ang mahinang kapatid at huwag masaktan ang kanilang mga damdamin at maging magalang at mapagpasensya sa kanila.

Panginoon, ako'y nanalangin sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan mo upang mabuhay bilang tagapagpaya at upang ilapat ang mga simulain na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon protektahan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na ikaw ay sumasakanila at pinapangunahan sila sa kanilang buhay. Panginoon ibigay sa kanila ang kagalakan, kaaliwan, at kapayapaan. Panginoon bisitahin sila, itaas sila, at itaguyod sila sa iyong biyaya habang silabay sumusunod sayo at namumuhay ng kanilang buhay para sayo.

Panginoon, ako'y nanalangin sa amin bilang isang simbahan upang hayaan ang iyong kapayapaan ay mapuspos kami at punuin ang aming simbahan. Panginoon gumawa ng himala, at magdala ng kagalingan na kailangan namin sa kalagitnaan namin. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyong gawa at ang iyong kalooban. Panginoon dagdagan mo pa kami ng kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na makapagebanghelyo at upang umabot ng bagong mga tao kasama ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nanalangin na magawa mo kaming magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.